



NDIS Quality
and Safeguards
Commission



NDIS
WORKER
SCREENING

NDIS Worker Screening Database: Ang kailangang malaman ng mga kasali ng NDIS na nangangasiwa sa sarili

Ang NDIS Worker Screening Database (NWSD) ay magsisimula sa ika-1 ng Pebrero 2021. Ang fact sheet na ito ay nagpapaliwanag kung ano ang NWSD, at kung paano mo ito magagamit.

Upang matulungan ka na maunawaan ang ilan sa mga termino na ginamit namin sa fact sheet na ito, mayroon kaming isang [listahan](#) sa aming website.

Ang NDIS Worker Screening Database

Ang NDIS Worker Screening Check (Worker Screening Check) ay magsisimula sa ika-1 ng Pebrero 2021 sa lahat ng mga estado at teritoryo maliban sa Northern Territory.

Ang Worker Screening Check ay magsisimulang gamitin sa Northern Territory hindi lalampas sa 1 Hulyo 2021.

Upang matulungan ang Worker Screening Check na tumakbo nang maayos, magkakaroon ng isang online na NDIS Worker Screening Database (NWSD).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Worker Screening Check, tingnan ang fact sheet na *NDIS Worker Screening Check: What self-managed NDIS participants need to know*.

Ano ang ginagawa ng NWSD

Ang NWSD ay nagtataglay ng isang rehistro ng mga pangalan ng lahat ng mga manggagawa ng NDIS na nagkaroon ng isang Worker Screening Check, at kung ang isang Worker Screening Unit (WSU) ay pinapayagan o hindi pinahihintulutan silang magtrabaho sa [ilang mga tungkulin](#).

Ang NWSD ay tumutulong sa mga WSU upang patuloy na suriin ang mga tala ng mga manggagawa na mayroong NDIS Worker Screening clearance kontra sa bagong impormasyon mula sa pulisya at iba pang mga ahensya upang matiyak na sila ay naaangkop pa rin na magkaroon ng isang NDIS Worker Screening clearance.

Ang mga tagapagbigay ng NDIS at mga kasali ng NDIS na nangangasiwa sa sarili ay puwedeng gumamit ng NWSD upang patunayan na gumagamit sila ng isang manggagawa na nag-aplay para sa isang Worker Screening Check.

Maaari din nila itong gamitin upang malaman kung mayroong nagtatrabaho para sa kanila na mayroong isang NDIS Worker Screening clearance.

Ang mga kasali na nangangasiwa sa sarili (self-managed participants) ay kailangang kumpletuhin ang isang [application form](#) upang humiling ng pag-access sa NWSD. Kailangang kumpirmahin ng Komisyon ng NDIS na ikaw ay isang kasali na nangangasiwa sa sarili bago payagan kang gamitin ang NWSD.

Ang NWSD ay nakakatulong din sa mga nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS na subaybayan kung alin sa kanilang mga manggagawa ay mayroong isang NDIS Worker Screening clearance.

Mga kasali na nangangasiwa sa sarili (self-managed participants) at ang NWSD

Kung hingin mo ang isa sa iyong mga manggagawa na magsumite ng isang aplikasyon ng Worker Screening Check, kailangan mong gamitin ang NWSD upang ipaalam sa WSU na ikaw ay nakipagkasundo sa manggagawa na bigyan ka ng mga serbisyo at suporta ng NDIS.



NDIS Quality
and Safeguards
Commission



NDIS
WORKER
SCREENING

Hindi susuriin ng WSU ang iyong trabahador para sa isang Worker Screening Check hanggang masabi mo sa NWSD na bibigyan ka niya ng mga serbisyo at suporta ng NDIS.

Makakatanggap ka ng isang email sa sandaling ang WSU ay nakapagpasya sa aplikasyon ng iyong manggagawa.

Kung nais mong tingnan kung ang isang tao ay mayroong isang NDIS Worker Screening clearance, kailangan mong mag-log in sa NWSD.

Kailangan mong hilingin sa tao na ibigay sa iyo ang kanilang Worker Screening Number. Makakatulong itong hanapin sila sa NWSD.

Maaari mong hilingin ang isang taong pinagkakatiwalaan mo na gamitin ang NWSD para sa iyo – halimbawa, ang iyong nominado o tagapag-alaga.

Ano ang makikita mo sa NWSD

Kung makakuha ka ng pag-access sa NWSD, makakakita ka lamang ng ilang impormasyon tungkol sa mga manggagawa sa NDIS na ginagamit mo na mayroong isang NDIS Worker Screening clearance o hindi pagsali.

Makikita mo ang kanilang pangalan, ang kanilang petsa ng kapanganakan, kung mayroon silang isang NDIS Worker Screening clearance o exclusion, at kung sila ay pinapayagan na magtrabaho sa ilang mga tungkulin.

Ang NWSD ay walang hawak na impormasyon tungkol sa [mga katanggap-tanggap na pagsusuri ng estado o teritoryo](#). Pagkalipas ng 1 Pebrero 2021, kung ang iyong hindi nakarehistrong tagapagbigay o mangagawa ay nagsabi na mayroon silang wastong katanggap-tanggap na pagsusuri ng estado o teritoryo (sa halip na isang NDIS Worker Screening clearance), maaari mong hilingin sa kanila na ipakita nila ito sa iyo kung nais mo ng isang patunay na mayroon sila nito.

Mahalagang impormasyon na dapat tandaan

- Ang NWSD ay **magagamit mula sa ika-1 ng Pebrero 2021**.
- Ang NWSD ay pinapayagan ang mga **rehistradong tagapagbigay ng NDIS, mga kasali na nangangasiwa sa sarili (self-managed participants), at ilang hindi nakarehistrong tagapagbigay na suriin** kung ang WSU ay nagpasya na ang isang manggagawa na nag-aplay para sa isang Worker Screening Check ay may isang clearance o isang hindi pagsali.
- Mula sa 1 Pebrero 2021 (o hindi lalampas sa 1 Hulyo 2021 sa Northern Territory), **kung hihilingin mo sa isang hindi nakarehistrong tagapagbigay ng NDIS o manggagawa na kumuha ng isang NDIS Worker Screening clearance, kailangan mong mag-aplay sa Komisyon ng NDIS** upang makakuha ng access sa NWSD.
- Ang NWSD ay **walang hawak na impormasyon** tungkol sa wastong [mga katanggap-tanggap na pagsusuri ng estado o teritoryo](#).

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Bisitahin ang [website ng Komisyon ng NDIS](#) para sa karagdagang impormasyon. Makikipag-usap din kami sa mga tagapagtaguyod at sa NDIA upang matiyak na ang ibang mga kasali na nangangasiwa sa sarili (self-managed participants) ay alam ang tungkol sa NDIS Worker Screening Check.